# Chuo Ward Community Welfare Vision

2023～2025








Abril 2023　Osaka City Chuo Ward Office

## Ano ang Chuo Ward Community Welfare Vision?

- Ginawa ito para pag-isipan ng mga residente, kumpanya, organisasyon, ward office, atbp. kung papaanong gagawin ang "Community Welfare ng Chuo Ward".
- Kasama sa "Hinaharap na Bisyon ng Chuo Ward"na ginawa para itaguyod ang pangangasiwa ng Chuo Ward, ginawa ito para palakasin ang mga bagay na may kinalalaman sa welfare.
- Sa buong Osaka, may ginawang "Pangunahing Plano ng Community Welfare sa Lungsod ng Osaka", kung kaya gumawa ang Chuo ward ng "Chuo Ward Community Welfare Vision" na naglalaman ng mga bagay tungkol sa Chuo Ward.

# Ang Layunin ng Chuo Ward Community Welfare Vision

**Prinsipyo**
**Walang maiiwan. Isang lungsod kung saan lahat ay maaaring patuloy na mamuhay nang mapayapa**

Pangunahing Layunin 1
Magtulungan
Pagsasakatuparan ng lipunang magkakasamang mamuhay

Pangunahing Layunin 2
Konektado ang iba’t-ibang suporta
Pagbuo ng isang komprehensibong sistema ng suporta

Patungo sa isang lipunang walang iniiwan

SDGs Community Welfare

Patungo sa isang lipunan kung saan mapayapa, malusog at masayang makakapamuhay

**HAPPY CHUO**

# Ano ang “Welfare”?



Para sa Chuo Ward, ang welfare ay ang masayang pamumuhay sa pang-araw-araw

Propesyonal na suporta…welfare

Pagpapasaya at pagpapayaman ng buhay…wellbeing

＜Ang imahe ng welfare at wellbeing＞

**Welfare: Propesyonal na suporta**

- Suporta sa matatanda
- Hakbang sa pang-aabuso
- Proteksyon sa kabuhayan
- Proteksyon sa karapatan
- Suporta para sa nangangailangan
- Suporta sa may kapansanan
- Suporta sa solo-parent
- Kalusugan/ Pagpapagamot
- Suporta sa bata at pagpapalaki ng bata

**Wellbeing：Pamumuhat at kasiyahan**

- Pag-unlad ng lungsod/ Aktibidad ng komunidad
- Pag-iwas sa sakuna
- Pagtratrabaho
- Edukasyon
- Tirahan

**At iba pa・・**

## Pangunahing Layunin 1 Magtulungan para sa pagsasakatuparan ng lipunang magkakasamang mamuhay

**1** Isinasaisip na pag-unlad ng komunidad at mga koneksyon ng tao

**2** Pag-alam sa mga taong nangangailangan ng suporta at pagpapabuti ng mga aktibidad sa pagsubaybay

**3** Suporta sa pagpapalaki ng bata na isasagawa ng buong bayan

**4** Pagbuo ng isang lipunan kung saan maginhawang namumuhay ang sari-saring mga residente

**5** Pagsusulong ng mga lokal na aktibidad sa pamamagitan ng pagtutulungan ng iba't ibang organisasyon

**6** Paglikha ng mga ugnayan sa pagitan ng mga tao at komunidad bilang paghahanda sa mga sakuna

## Pangunahing Layunin 2 Konektado ang iba't-ibang suporta Pagbuo ng isang komprehensibong sistema ng suporta

**1** Pagpapabuti ng isang komprehensibong sistema ng suporta sa konsultasyon na sumasaklaw sa iba't ibang larangan

**2** Pagpapabuti ng komprehensibong sistema ng pangangalaga sa komunidad na sumusuporta sa mga matatanda

**3** Pagsulong ng mga inisyatibo para sa pagsuporta ng mga taong may demensya

**4** Konsultasyon tungkol sa bata / pagpapalaki ng bata at pagpapatibay ng mga hakbang laban sa pang-aabuso sa bata

**5** Pagpapahusay ng sistema ng suporta sa konsultasyon para sa mga taong may kapansanan

**6** Pagpapatibay ng Sistema sa pagproteksyon ng karapatan

## SDGs at Welfare

**Ang SDGs ay “mga pandaigdigang layunin para sa isang mas mahusay at mas napapanatiling mundo sa 2030, na napagpasyahan ng United Nations noong 2015.**

**Mayroong 17 na mga layunin at 169 na mga target, karamihan sa mga ito ay may kaugnayan sa kapakanan.**

**Ang pangakong "walang iiwanan sa mundo" ay kapareho ng konsepto ng mga pangunahing layunin ng Chuo Ward Community Welfare Vision na "pagsasakatuparan ng isang komunidad kung saan nagsu-suportahan at nagtutulungan ang mga tao sa isa't isa" at "pagbuo ng isang komprehensibong sistema ng suporta na nag-uugnay sa iba't-ibang suporta." .**

## May problema sa pamumuhay sa Chuo Ward?

Sa Chuo Ward, maraming mapagkokonsultahan sa iba’t-ibang larangan.

Kapag may problema o may nangyari, mahalaga ang kumuha ng suporta at lutasin ito agad bago lumaki pa ito.

Kung may problema sa pamumuhay, hangga’t puwede, magkonsulta agad!

Saan makikipag-ugnayan kapag may problema sa pamumuhay

・Chuo Ward Office Health and Welfare Division (Health and Welfare)

(06) 6267-9857

・Life Support Chuo (06) 7507-1487



Editor at Publisher：Chuo Ward Office Health and Welfare Division (Health and Welfare)

1-2-27 Kyutaromachi, Chuo-ku, Osaka-shi 541-8518

TEL：(06) 6267-9857　FAX：(06) 6264-8285　E-Mail：te0009@city.osaka.lg.jp